



## HAYAAN ANG DIYOS NA MAGING DIYOS Part II

Ikaw bay nasa mabigat na kalagayan ngayon at pakiramdam mo'y wala itong katapusan? Naramdaman mo bang nag-iisa ka lang at wala kang mahagilap na pamilya mo at kaibigan upang tumulong sayo? May magandang balita ako sayo. Si Jesus ay nandiyan lang sa tabi mo ngayon, Gusto niyang hawakan ang kamay mo at kumakatok siya sa iyong puso, naghihintay na pagbuksan mo.

***“Huwag kayong magmukhang salapi; masiyahan na kayo sa anumang nasa inyo. Sapagkat sinabi ng Diyos, “Hindi kita iiwan ni pabayaang man.” Walang pag-agam-agam na masasabi natin, “Ang Panginoon ang tumutulong sa akin, Hindi ako matatakot, ano ang magagawa sa akin ng tao.”TPV***

***Si Jesus ay nagsasabing “Anak, ilagay mo ang kamay mo sa kamay ko, kapag gawin mo yan, hahawakan kita at hinding hindi kita bibitawan. Gagabayan kita. Nakikita ko ang mangyayari bukas, iingatan kita at gagabayan tungo sa tagumpay.” Tutulungan kitang makaahon sa kinalalagyan mo ngayon. Ilagay mo ang iyong buong tiwala sa akin dahil ako ang iyong Kanlungan, ako ang iyong Panginoon.”***

Naalala ko noong maliliit pa mga anak ko, hinahawakan ko kamay nila kapag kami ay lumalabas; lalo na pag tumatawid sa daan. Bilang magulang, ginagawa natin ito dahil iniingatan natin ang ating anak upang mailayo sa kapahamakan. Hinahawakan ko ang kamay ng mga anak ko pero minsan isa sa kanila nakipag-away sa akin dahil gusto kumawala at lumayo. Siguro gusto nilang pumunta sa ibang direksiyon, direksiyong papunta sa kapahamakan. Kaya lalo ko hihigpitan ang hawak ko para di sila makakawala dahil alam ko kapag binitawan ko sila mapapahamak lang. Kumusta tayo? Naging tulad na ba tayo sa mga anak natin? Nagrereklamo tayo dahil ayaw na tayong pakinggan ng mga kabataan ngayon dahil alam na nila ang lahat. Alam na nila ang nakakabuti para sa kanila kaya nga marami na sa kanila ang magsasabing: **“Malaki na ako kaya gawin ko ang lahat ng gusto ko at hindi mo ako mapipigilan.”** Gusto nating protektahan sila mula sa kapahamakan pero ayaw nila dahil tingin nila sa kanilang sarili mas magaling pa sila kaysa atin.

***Bilang isang Kristyano, minsan ba naisip natin na naging katulad din tayo sa mga anak natin? Ayaw mo maniwala? Tingnan natin yung huling naging pagsubok mo? Ilan ba doon ang ipinagkatiwala mo sa kamay ng Panginoon? Sa katunayan, ilang bahagi lang ba sa buhay mo ang ipinagkatiwala mo sa Panginoon? Hinayaan mo ba ang Panginoon na maging Panginoon sa buhay mo? Alam natin na hindi lang tayo tinuruan ni Panginoong Jesus upang magtiwala sa ating Ama sa Langit kundi pinamuhayan niya ito. Sa Panalangin na itinuro sa atin ni Jesus, sinasabi niya na **magtiwala tayo sa ating Ama na nasa Langit.*****

*Naalala ko minsan, isang araw nakaupo ako sa tapat ng bahay naming at ako'y nananalangin at nakikipag-usapa ako sa Panginoon tungkol sa kung ano ang gusto ko sa buhay ko, at naalala ko pa na sinabi ko: “**Panginoon bahala ka na sa akin., kahit anong mangyari sa buhay ko, Ako'y maglilingkod sa iyo.**”*

*Konti pa lang ang kaalaman ko, kaya sinusubok ng Diyos ang aking pagtitiwala sa kaniya. Nagsisimula na ang klase, ako ang mag-aaral at hanggang ngayon nag-aaral pa rin. Tinuruan ako ng Diyos na magtiwala lamang sa kanya. Hinawakan niya ako sa kamay at sabi: **Anak hindi kita bibitawan, hawak na kita kaya huwag ka nang manlaban, hayaan mo akong maging Diyos mo, iyong Manlilikha.** Naging mahirap lang ang lahat dahil napakatigas ng ulo ko at lagi kong kinontra ang Diyos sa lahat ng pagkakataon. Hayaan niyong sasabihin ko sa inyo na hindi nakadadagdag ng buhay ang reputasyon mo. Tatalikuran kayo ng mga taong inaasahan ninyong makakatulong sa iyo at siguro ito yung pagkakataon na hahayaan ninyong maging Diyos ang Diyos sa buhay ninyo. Tinatawag ng Panginoon ang mga anak niya, sinabihan at tinuruan niya sila na lubos na magtitiwala sa kanya hindi sa tao o pamahalaan. Hayaan ang Diyos na maging Diyos sa buhay ninyo.*

*Matagal ko nang itinuturo ang pagbibigay ng lubos na pagtitiwala sa Diyos lamang. Kasi hindi natin alam ang susunod na mangyayari sa bawat segundo oras at taon ng buhay natin. Ang Diyos lamang ang nakakaalam kung ano ang mangyayari bukas, siya lamang ang nakakaalam sa kakaharapin mo bawat segundo ng buhay mo. Kaya ako sa Diyos ko lang ibibigay ang kamay ko para maingat ako.*

*Ang kahapon ay nakaraang karanasan na dapat nating matutunan para magamit natin ito sa patuloy nating pamumuhay sa ngayon at para sa paghahanda natin sa ating bukas.*

*Ngayon sinasamba natin ang Diyos at pinapupurihan siya. Inaawitan natin siya ng mga papuri't pasasalamat. Ngayon ating “Hahayaan ang Diyos na Magiging Diyos sa Buhay Natin.” At ngayon natutunan natin kung ano ang dapat at hindi dapat na ipagpatuloy na gawin mula sa ating kahapon at natutunan din nating making sa ating Ama na nasa Langit.*

*Nakasanayan na natin ang isa sa pwedeng mangyari sa buhay natin: ang makamit ang lahat ng gusto natin sa buhay o yung walang wala talaga tayo sa buhay. Kung nasa atin na ang lahat sa buhay pwedeng mawala sa atin ito. Kung walang wala naman, nagiging kuntento na rin sa kung ano meron kasi nasa isip na natin ba't mag-aksaya pa ng pagod e talaga namang wala nang pag-asang magkaroon pa. Sa dalawang nabanggit, hindi nating hinahayaang maging Diyos ang Panginoon sa buhay natin. Hindi natin mahayaan ang Diyos na magiging Diyos sa buhay natin kapag ka palagi tayong nagrereklamo dahil walang wala tayo at ganun din kapag ka natatakot tayong mawala ang lahat sa atin.*

*Sinabi ng ating Panginoong Jesus na **dapat makuntento tayo sa kung ano mang meron tayo**, hindi niya sinabi na hindi niya tayo payayamanin, pero sinasabi niya **na sa kanya lang tayo magtitiwala.** Basahin mo ang “**Ang Panalangin ng Panginoon**” sa Mateo 6:9-13 at dapat tularan ninyo ito, dapat ganun ang sundin mong panalangin Huwag kayong mahiyang hingin sa ating Panginoon na pagpalain ang buhay niyo, hawakan ninyo ang kamay niya at hayaan ninyo siyang gabayan niya kayo sa buhay ninyo. Hayaan niyong ituro ng Diyos ang daan, hayaan ninyong kontrolin ng Diyos ang buhay mo, ang iyo pamilya, ang iyong trabaho, ang iyong gawain sa simbahan at ang maging iyong paglalaro. Hayaan mong kontrolin ng Diyos ang iyong mga anak at ang lahat ng bahagi ng buhay mo. Nadidinig ko minsan may nagsasabing: “May kontrol ako sa buhay ko”. Pero sasabihin ko sa inyo ngayon na wala kayong kontrol sa buhay mo. Dahil tanging ang Diyos lamang ang may kontrol nito o di kaya kung hahayaan mo si*

*Satanas ang magkontrol nito.*

*Noong maliit pa ang mga anak ko, at gusto nilang gawin ang gusto nila at hindi ko pinapayagan, talagang ginagawa nila lahat makakawala lang sa paghawak ko sa kanila. Minsan tutumba ang sarili nila o di kaya magtatalon hanggang sa makawala. Ganito rin tayo sa Panginoon. Minsan kapag ka hindi mangyayari ang gusto nating mangyari at hindi natin nakuha ang gusto nating kunin, kakawala na tayo sa paghawak sa ating Panginoon. Kusa tayong kakawala sa paghawak sa Panginoon at lalayo tayo sa kanyang presensya. Pero nakita na ito ng ating Panginoon dahil di pa man nangyayari nakikita na niya ito. Nakikita na niya na tayo'y mapahamak dahil alam niya na ang bitag na hinanda ni Satanang sa atin at ang bitag na hahadlang sa gawain ng Diyos at ng sa kalooban ng Diyos.*

**HAYAAN ANG DIYOS NA MAGING DIYOS SA BUHAY MO!!! Gawin mo itong pangako sa Panginoon, at hayaan mong hahawakan ka niya. Sabihin mo ngayon at sa araw-araw: “Aking Amang na nasa Langit, Hahayaan kitang maging Diyos sa buhay ko. At sabihin mo ito ng malakas: “Hahayaan Kitang Magiging Diyos sa Buhay Ko.”**

Kung hahayaan na natin ang Diyos na magiging Diyos sa ating buhay, makikita mo ang malaking pagbabago. Dahil sa desisyon mong ito, natutunan mo nang humingi sa Panginoon ng gabay tungo sa tamang direksiyon upang magagawa mo ang mga bagay na nakakapagpasaya sa kanya. At mangyayari na ang importanteng bagay para sa atin noon ay magiging balewala na sa ngayon dahil ang pagtitiwala mo ay sa Panginoon na lamang at hindi na sa sarili at sa kung kay ninuman.

Written by:

Ronald L. Alfredson

Translated by: Ptra. Ma. Starlit G. Genelaso

Living Truth Ministries (LTM)

Copyright ©2009 Living Truth Ministries. All Rights Reserved